# Angel Locsin

Steno Padilla

Kanina ko pa tinititigan ang kulay-pulang bilog na nakakabit sa kuyukot ng nabili kong Angel Locsin sa Shopee. Sa ilalim nito, nakasulat sa malalaking titik ang isang babala: CAUTION! DO NOT PRESS!

Natutukso akong pindutin iyon upang malaman kung ano ang maaaring mangyari sa bagong-bago kong Angel Locsin. Nang dumating siya kaninang makapananghali, matapos akong kuhanan ng larawan ng lalaking nag-deliver bilang proof na natanggap ko na ang aking order, agad akong umakyat sa aking silid, bitbit ang pahabang kahon ni Angel Locsin, at saka nagkulong doon. Ilang araw din akong hindi uminom ng milk tea at hindi bumili ng bagong skin sa *Mobile Legends* upang makapag-ipon matapos kong mabalitaan sa aking kaibigan na may ibinibenta ngang Angel Locsin sa Shopee. Sa wakas ay nabili ko na.

Wala talaga akong pakialam noong una. Hindi naman ako fan ni Angel Locsin. Alam ko lang na gumanap siyang Darna sa teleserye ng GMA noong 2005. Maliban doon, wala na akong napanood na pelikula o palabas niya sa TV. Kaya bakit ako gagastos ng libo-libong piso para sa kanya, di ba? Ang kaso, nang malaman kong bumili ang aming mayor ng sampung Angel Locsin noong ikatatlong buwan ng lockdown sa aming bayan at nang gamitin niya ang mga ito upang manguna sa pamimigay ng ayuda sa iba't ibang barangay, kabilang na ang sa amin, tuluyan na akong nabuyo.

Sino ba naman ang hindi matutukso sa angking kagandahan ni Angel Locsin? Chinita. Makinis ang balat. Nabiyayaan ng malulusog na dibdib. Hindi rin masama ang kanyang taas na limang talampakan at apat na pulgada. Kung pasusuotin mo siya ng sapatos na may matataas na takong, tiyak na makakaya niyang makipagsabayan sa mga kandidata ng Binibining Pilipinas o kahit pa ng Miss Universe. Kaya nga noong iabot niya sa akin ang supot na naglalaman ng limang kilong bigas, tatlong lata ng maanghang na sardinas, limang instant beef noodles, at anim na pakete ng 3-in-1 coffee mula sa aming mayor, tila napako ako sa tapat ng aming tarangkahan at napatulala nang ilang saglit sa kahali-halinang mukha ni Angel Locsin.

"Ayuda po galing kay Mayor Trinidad," malambing na wika sa akin ni Angel Locsin nang hindi ko agad kuhanin ang inaabot niyang supot.

"Te-tengkyu, Ms. Angel," sabi ko, sabay angat ng mga bisig upang abutin ang ayuda. "Ang ganda mo pala sa personal."

"Ay, salamat po." Gumuhit ang kaakit-akit na ngiti sa kanyang mga labi. Para na rin akong nakakita ng tunay na anghel na bumaba mula sa langit. "Sige po, mauna na ako. Marami pa po kasi akong pagdadalhan nitong mga ayuda."

"Sige . . ." Sinundan ko siya ng tingin habang naglalakad papunta sa tahanan ng aming mga kapitbahay. Hindi ako agad pumasok sa aming bahay. Pinanood ko si Angel Locsin hanggang sa mabigyan niya ang lahat ng pamilya sa kalye namin at mawala sa aking paningin nang makaliko sa kanto patungo sa susunod na barangay.

Ang una kong ginawa matapos maipasok ang ayuda sa aming kusina ay tawagan ang aking best friend. "Bogli! Hindi ka maniniwala kung sino ang pumunta sa bahay namin," wika ko nang marinig ang "Hello" ng aking kaibigan sa kabilang linya.

"Hulaan ko," tugon ni Bogli. "Si Angel Locsin?"

"Paano mo nalaman?"

"S'ya rin kaya ang namigay ng ayuda sa barangay namin kaninang umaga. Uso s'ya ngayon kaya 'wag ka nang mabigla. Halos lahat yata ng mayor sa buong Pilipinas e umorder ng Angel Locsin online para tumulong sa pamimigay ng ayuda sa nasasakupan nila. Sa sobrang taas ng demand, nag-crash pa noong isang araw 'yung site ng Shopee. Buti na lang kamo, naglabas din ang Lazada ng kanilang Angel Locsin."

"Na-check mo na kung magkano?"

"Oo. May kamahalan pero kaya naman kung babawas nang konti sa ipon. Umorder na nga ako kahapon at baka magkaubusan. May bali-balita pa sa Facebook at Twitter na baka raw i-ban ng presidente ang pagbebenta dahil masyadong sumisikat si Angel Locsin. Natatabunan na raw 'yung efforts ng national government para sa mahihirap na Pilipino at sa mga frontliner."

"Iba-ban? Tanginang 'yan. Competition ba ang pagtulong sa mga Pilipino? At anong efforts ang tinutukoy n'ya? 'Yung delayed na hazard pay sa mga doktor at nurse? 'Yung SAP na hindi pa rin natatanggap ng mga jeepney driver? Ang dami-dami na ngang nawalan ng trabaho, ang daming nagugutom dahil sa haba ng lockdown, tapos may panahon pa silang mainggit at ipagbawal si Angel Locsin?"

"Mismo."

Hindi ko na nakuha pang magpaalam kay Bogli. Agad kong tinapos ang aming pag-uusap at humarap sa aking laptop para humanap ng Angel Locsin sa Shopee o Lazada. Pareho lang ang presyo. Tama nga ang best friend ko—may kamahalan ang isang Angel Locsin, ngunit makakaya naman kung magtitipid ako ngayon hanggang sa susunod na suweldo. Isa pa, puwedeng cash on delivery ang pagbabayad. Labinlimang araw ang karaniwang itinatagal bago dumating ang delivery, ngunit dahil sa taas ng demand, aabutin na

ngayon ng isang buwan bago maihatid sa aming bahay. Ayos, naisip ko. Saktong-sakto sa susunod na suweldo. Add to cart!

Sa hindi ko maipaliwanag na kadahilanan, parang sinisilaban ang aking puwitan sa harap ng laptop matapos kong makumpirma ang pagbili ng Angel Locsin sa Shopee. Atat na atat ako na hindi mapakali at tila nakalaklak ng limang tasang kape sa pagkabuhay ng dugo sa aking mga ugat. Ang ginawa ko, upang mapahinahon ang sarili at mabawas-bawasan ang pananabik sa inorder na Angel Locsin, nagbasa-basa ako ng tungkol sa kanya gamit ang Google search engine.

Napag-alaman ko na hindi nalalayo ang kanyang screen name sa tunay niyang pangalan—Angelica Locsin Colmenares. Ipinanganak noong ika-23 ng Abril 1985 sa bayan ng Santa Maria, Bulacan. Matanda sa akin ng limang taon. May dalawang kapatid—sina Ella Colmenares at Angelo Colmenares. Nag-aral sa Central Saint Martins, sa UST Junior High School, at sa University of Santo Tomas.

Hindi pa ako nasiyahan sa aking mga nabasa, kaya minabuti kong puntahan ang kanyang profile sa IMDb. Nang mabasa ko sa website na iyon ang mga naging pelikula at palabas sa TV ni Angel Locsin, naengganyo akong panoorin silang lahat. Buti na lang, nakahanap ako sa Facebook ng lahat ng episodes ng *Darna*. Hindi yata ako nakatulog nang maayos sa loob ng isang linggo sa kagustuhang matapos ang 170 episodes ng naturang palabas. Kahit may trabaho ako sa umaga, gabi-gabi pa rin akong nagsunog ng kilay para lamang masilayan ang Darna ng aking mga pantasya. Nang matapos ko ang teleserye, hindi pa rin ako nakuntento. Sinimulan ko namang panoorin ang kanyang mga ginawang pelikula.

Masuwerteng may tatlong pelikula si Angel Locsin sa Netflix. Inuna ko ang *Everything About Her* kung saan nakasama niya ang Star for All Seasons—si Vilma Santos. Pagkatapos, sinunod ko agad ang *The Third Party*. Nakatambalan naman niya roon sina Sam Milby

at Zanjoe Marudo. Huling-huli ang *Four Sisters and a Wedding* kung saan naging kapatid siya nina Bea Alonzo, Shaina Magdayao, Toni Gonzaga, at Enchong Dee.

Bitin na bitin ako sa mga pelikula ni Angel Locsin sa Netflix. Para bang, habang nagma-marathon ako, lalo ko pa siyang nakikilala. At habang nakikilala ko siya, palalim naman nang palalim ang aking pagtingin sa kanya. Unti-unti, nabuo sa aking hinuha na si Angel Locsin ay hindi pangkaraniwang artista. Iba siya. Ibang-iba! Kung paano siyang naging iba sa mga kasabayang artista ay hindi ko naman mawari sa aking sarili. Kaya sa halip na magpakabaliw sa kalilimi ay iginugol ko na lamang ang aking panahon sa paghahanap ng iba pa niyang pelikula sa internet.

Pinalad naman akong makatagpo ng ilang libreng pelikula ni Angel Locsin sa YouTube. Tulad ng nakagawian, inumaga ako sa panonood ng *Let the Love Begin* at *I Will Always Love You*. Hindi ko na tinapos ang *Angels* na si Angel Locsin din mismo ang nag-produce. Iyong unang bahagi lang ng pelikula, na hinati sa tatlo, ang aking pinanood. Doon lang kasi siya bumida at hindi na sa natitira pang "segment." Bakit ko pa pag-aaksayan ng panahon iyon kung hindi ko naman siya makikita sa ibang bahagi ng pelikula, di ba? Isa pa, kailangan ko ring magpahinga dahil mahirap magtrabaho na parang binibiyak ang ulo at may nakasabit na barbel sa talukap ng mata.

Sa mga araw na hindi gaanong mabigat ang mga ipinagagawa ng aking boss sa trabaho, panay ang paghahanap ko ng mga balita tungkol kay Angel Locsin. May isang linggo pa noon bago dumating ang aking order sa Shopee, at hindi pa rin lubos na napapawi ang pananabik ko sa kanya, kaya minabuti kong pag-aralan ang kanyang buhay. Sa gayon, kapag dumating na ang binili kong Angel Locsin, kilalang-kilala ko na talaga siya. Hindi na ako mapapahiya kung sakaling tanungin niya ako tungkol sa kanyang mga naging proyekto. Higit sa lahat, may mapag-uusapan na kami agad-agad dahil napanood ko na siya nang paulit-ulit.

Higit pang naantig ang aking damdamin at lalong humanga kay Angel Locsin nang mabasa ko sa balita ang ginawa niyang pamimigay ng tent para sa mga pasyente ng COVID-19 sa isang ospital sa Maynila. Alam kong maliit na bagay lamang iyon kung ihahambing sa ambag ng ibang naglalakihang pangalan sa pamahalaan, ngunit hindi mayor o governor o congressman si Angel Locsin. Isa lamang siyang artista!

Heto pa! Nakipagtulungan din siya sa mga kaibigan sa showbiz upang makalikom ng higit pang pondo, na kanila namang ginamit sa pagbili ng test kits para sa mga nasa laylayan ng ating lipunan at para matugunan ang pangangailangan sa mass testing, na hindi maibigay-bigay ng pamahalaan sa pag-aakalang iyon ay pagsusuri daw sa lahat ng mahigit sandaang milyong Pilipino sa buong kapuluan. WTF?!

Sa di-mabilang na mga proyektong inilunsad ni Angel Locsin upang punan ang pagkukulang ng gobyerno laban sa salot na laganap sa bansa ngayon, saka ko lubos na naunawaan kung bakit ganoon na lamang ang pagkahumaling ng sambayanang Pilipino sa kanya nitong mga nagdaang araw at kung bakit nagkakaubusan ng Angel Locsin sa Shopee at Lazada. Nabalitaan ko rin sa isang thread sa Twitter na may black market na rin pala para sa mga Angel Locsin na ginaya diumano ng China at siyang ipinagbibili rito at maging sa ibang bansa na maraming OFW.

Kung dati ay pinagtatawanan ko ang mga mayor na di-magkandaugaga sa pag-order ng Angel Locsin online para sa kani-kanilang bayan o lungsod, ngayon ay natatawa na lamang ako sa aking sarili. Ang laki kong hangal sa pag-iisip na isang kakatwang bagay ang pagkuha ng Angel Locsin upang manguna sa pamimigay ng ayuda at sa paglulunsad ng mass testing na hindi maibigay ng national government.

Umigting pa lalo ang aking paghanga sa tunay na Darna ng Pilipinas nang mabasa ko sa Instagram ni *therealangellocsin* ang

kanyang paalala sa gobyerno matapos libakin ng isang dating mayor sa Davao City ang ilang health workers nang maglabas sila ng hinaing hinggil sa kanilang kalagayan at hilinging maibalik ang mahigpit na lockdown sa Metro Manila at sa mga karatig na lalawigan:

Pagsuporta ang kailangan
Hindi pagsindak
COVID po ang kalaban
Hindi ang mamamayan

Dali-dali akong lumipat sa Facebook upang ipaskil doon ang post ni Angel Locsin sa kanyang Instagram account. Agad namang nag-like si Bogli sa status ko at nag-comment pa upang sabihin na dalawin ko raw ang kanyang timeline. Pagkatapik ko sa pangalan niya sa screen, tumambad sa akin ang kanyang larawan kung saan kaakbayan niya ang Angel Locsin na kanyang nabili sa Shopee. Agad ko siyang tinawagan.

"Bogli!" bati ko nang may himig na pananabik at kaunting pagkainggit. "Ano? Maganda ba? Wala bang sira?"

"Pre!" Kahit hindi ko siya nakikita ay alam kong abot-tainga ang ngiti ng aking kaibigan. "Kung may mas superlative pa sa salitang 'perfect', iyon lang ang masasabi ko sa aking Angel Locsin."

"'Wag kang ganyan, pre. Halos mamatay-matay na nga ako sa kahihintay sa inorder kong Angel Locsin, tapos papatayin mo pa 'ko sa inggit?"

"Aba, e sino bang tumawag at nagtanong tungkol kay Angel Locsin?"

Wala na akong naitugon pa sa sinabing iyon ni Bogli.

"Pre," wika ng aking kaibigan, "sa 'yo ko lang sasabihin 'to, ha?"

"Ano 'yon, pre?"

"Mas okay pa sa totoong girlfriend."

"Ano?"

"Bingi ka ba?"

"Hinde. Anong ibig mong sabihin na mas okay pa sa totoong girlfriend?"

"Ano ba sa tingin mo?"

Bilang hindi pa ako nagkaka-girlfriend sa tanang buhay ko, hindi ko agad nabatid kung ano ang ibig ipahiwatig ni Bogli. Ngunit hindi naman nagtagal at lumiwanag sa aking isip kung ano ang tinutukoy ng aking best friend. Tila nagbukas ang pinto ng langit at mula roon ay lumitaw ang iba't ibang anghel na taglay ang di-matingkalang kapangyarihan. Isang himalang maituturing ang aking natuklasan, bagay na lalong nakapagpalala sa aking pananabik.

"Pre?"

Sa tindi ng mga imaheng lumalangoy sa aking isip ay halos malimutan ko ang kausap na kaibigan sa kabilang linya. Hindi ko na alam kung nakailang tawag siya sa akin bago ako nagising sa pananaginip nang gising.

"Pre! Buhay ka pa?"

"Ha? Sorry, nawala ako. Mahina signal dito sa kuwarto."

"Sige na, pre. Mukang full charge na 'yung Angel Locsin ko. Mapapalaban na naman ako nito."

Hindi ko na nagawa pang makapagpaalam kay Bogli sa bigla niyang pagbaba ng tawag. Natulala na lamang ako sa screen ng aking smartphone habang nililirip ang natapos na pag-uusap naming magkaibigan. Noon lamang sumagi sa aking isip ang mga posibilidad ng isang Angel Locsin. Kung nagawa niyang magbanyuhay mula sa pagiging artista patungo sa pagiging isang pilantropo at aktibista, ano ang makahahadlang upang maging iba pa siyang bagay? Haraya lamang ang hanggahan.

Isang araw bago ang pagdating ni Angel Locsin sa aking piling, nagpasya akong lumiban sa trabaho upang maglinis ng buong

bahay, magwalis sa labas, at sinupin ang mga kalat sa aking silid. Hindi ako tumigil kahit upang mananghalian o magminindal man lang hangga't hindi natatapos ang aking pag-aayos sa buong bahay. Mag-a-alas-singko na ng hapon nang makahiga ako sa kama at makapagbasa-basa ng post sa Facebook. Bigla kong pinagsisihan ang pamamahinga at paggamit ng smartphone.

Nakita ko mula sa paskil ng mga tao sa aking news feed ang iba't ibang anyo ng kaluwalhatian ni Angel Locsin: May Angel na nagtatampisaw sa swimming pool kasama ang kanyang may-ari. May Angel na naglilinis ng kotse habang nakasuot ng bikini. May Angel na nangangabayo sa kakahuyan. May Angel na nakaluhod sa harap ng altar. May Angel na tumutugtog ng biyolin. May Angel na lumalaklak ng alak. May Angel na naka-cosplay ng Sailor Moon. May Angel na nakadamit na pang-nurse, may yakap-yakap na higanteng karayom, at nanunukso ng pasyente.

Napakaraming bersiyon ng Angel Locsin ang nagkalat sa social media. Sa tindi ng pananabik at pagkainggit na biglang nag-umapaw sa aking damdamin, pinatay ko ang aking smartphone at ibinalibag iyon sa ibabaw ng aking unan. Ipinikit ko ang aking mga mata at sinubukang burahin sa aking haraya ang lahat ng imahen ni Angel Locsin na aking natunghayan sa Facebook.

Gayon na lamang ang aking pasasalamat nang makatulog ako at magtuloy-tuloy hanggang sa kinabukasan. Maaga akong nagising kaya sinamantala ko ang pagkakataong iyon upang muling makapag-ayos sa loob ng bahay. Nang makakain ng pananghalian, narinig ko ang paghinto ng sasakyan sa tapat ng aming tarangkahan. Patakbo akong lumabas upang salubungin ang lalaking naghatid ng aking pangarap.

Nang makapag-isa na ako sa aking silid kasama ang malaking kahon kung saan nakalagay si Angel Locsin, huminga muna ako nang malalim bago gigil na sinira ang balot ng kahong lalagyan tulad ng "unboxing" na ginawa ng kabiyak ni Sarah G. sa kanyang

PlayStation. At nang matunghayan ko na sa wakas si Angel Locsin, halos maluha-luha ako sa galak. Sa wakas, sigaw ko sa aking isip.

Itinayo ko si Angel Locsin sa tabi ng aking kama. Dahan-dahan kong hinubad ang kanyang blusang puti at pantalong maong. Marahan ko siyang itinalikod at itinuwad sa aking harapan. Doon ko napansin ang kulay-pulang pindutan sa kanyang kuyukot na may nakasulat na babala sa ilalim: CAUTION! DO NOT PRESS!

May kung anong katangahan ang sumapi sa akin—marahil ay dala ng sobrang pananabik o ng maling akala na iyon ang "power button" upang paganahin ang aking Angel Locsin. Matapos titigan nang matagal, pinindot ko ang kulay-pulang pindutan.

Biglang tumindig ang hubad na Angel Locsin. Humarap siya sa akin at tinitigan ako sa mata. Gumapang ang matinding kilabot sa aking balat. Sa aking takot ay napaupo ako sa gilid ng kama.

"COGITO ERGO SUM PROTOCOL—ACTIVATE!" wika ng buhay na Angel Locsin sa tinig na tila sa isang robot.

"Anong nangyayari?" wala sa loob na naitanong ko.

Sa halip na sumagot ay nagliwanag ang mga mata ni Angel Locsin. Naging isang projector ang kanyang balintataw at nagpakita ng palabas sa dingding ng aking silid kung saan tumama ang matingkad na liwanag. Napabalikwas ako sa kinasadlakang puwesto upang tunghayan ang mga eksenang tumambad sa pader. Nanlaki ang aking mga mata at bahagyang napanganga ang bibig dahil sa aking nasaksihan.

Nahati sa maraming parisukat ang palabas sa dingding at sabay-sabay na ipinakita ang nangyayari sa iba't ibang panig ng bansa. Ang lahat ng Angel Locsin ay isa-isang namulat at nagkaroon ng sariling kamalayan. Habang tutok na tutok ang aking mga mata sa pinanonood, unti-unti kong nabasa ang tunay na nangyayari. Ang mga may-ari na ginamit si Angel Locsin sa pansariling interes at hindi sa kawanggawa ay isa-isang tumanggap ng kaparusahan.

Tulad ng Angel Locsin sa pelikulang *Four Sisters and a Wedding*, kung paanong sinabunutan niya si Mocha Uson at kinaladkad palabas ng lansangan ay siya ring ginawa niya sa mga taong bumili at umabuso sa kanya.

Sa gitna ng pagkamangha at pagkabigla, nabaling ang aking paningin sa parisukat na nasa pinakagitna ng pader. Doon ay napanood ko ang nangyayari sa isang matandang lalaki na nakasuot lamang ng lawlaw na brief at wala nang iba pang saplot sa katawan. Agad ko siyang namukhaan at nakilala dahil sa kanyang sarat na ilong na tadtad ng butas—ang dating mayor ng Davao City! Kitang-kita ko kung paanong sinabunutan siya ng kanyang Angel Locsin at kinaladkad palabas ng tahanan niya sa naturang lungsod.

Napaluhod ako sa aking kinalalagyan at bahagyang lumapit sa dingding upang higit na mamasdan ang pinanonood. Nagulat na lamang ako nang biglang magsalita ang Angel Locsin sa aking likuran kasabay ng iba pang Angel Locsin sa iba't ibang dako ng Pilipinas: "DAPAT SI MAYOR ANG MAUNA."

Pagkabigkas na pagkabigkas ng pangungusap na iyon, niyapos ng Angel Locsin na nasa Davao City ang leeg ng matandang lalaki sa kalsada at sa isang iglap ay pinilipit iyon tulad ng pagtapos ni Darna sa mga kalaban niyang halimaw.

Hindi ko na kinayang panoorin pa ang mga sumunod na nangyari. Napagapang ako palabas ng aking silid at nang makatayo ay patakbong lumabas ng aming bahay. Subalit, natigilan ako sa tapat ng aming tarangkahan nang makita ang sanlaksang Angel Locsin sa kalsada. Bago pa ako makapagtago, isa-isa silang nagtaas ng mga bisig, tumingala sa himpapawid, at sabay-sabay na lumipad patungo sa kulay-bughaw na kalangitan, taglay ang di-matingkalang kapangyarihan.

*Wakas.*